



HINDI! TIGIL! AYOKO!
ILLUSTRATIONS BY PATRICIA RAMOS AND VIEL VIDAL
STORY BY ANGEL KIM GABRIELLE S. CAIGOY
AKO SI ANGEL!
TULAD NIYO, MAY HAWAK AKONG SECRET WEAPON NG KARAPATANG PAMBATA - AT MAGSISIMULA ITO SA MGA SALITANG HINDI-TIGIL-AYOKO!
GUSTO NIYO RIN BA ITO MATUTUNAN?


MAY MGA PAGKAKATAON KA BANG HINDI NAGIGING KOMPORTABLE, SA PAGHAWAK MAN O SA MGA SALITANG HINDI KANAIS-NAIS?
KAHIT MATANDA MAN O BATA, MAAARI NATIN SABIHAN NG "HINDI! TIGIL! AYOKO!"


SI LOLANG NANGGIGIGIL SA MGA HALIK PAG-UWI MO GALING SCHOOL -
ANG KUMARE NI NANAY NA MAY HANDANG MAHIGPIT NA YAKAP 'PAG NAKASALUBONG SA DAAN-
SI KUYA SA TABING MAHILIG MAKIPAG-JOKE SAYO-
O SI KALARONG MEDYO MALAKAS MAKIPAGTAYAAN.
ANO LANG ANG SASABIHIN KAPAG HINDI TAYO OKAY?
HINDI!
TIGIL!
AYOKO!


MAHALAGANG ALALAHANIN!
ANG KATAWAN AT PAKIRAMDAM MO AY IYO LAMANG!
WALANG IBA ANG MAY KARAPATANG TRATUHIN ITO SA PARAANG AYAW MO, O MAKAKAPAGSABI KUNG OKAY LANG ANG KANILANG GINAGAWA.


SADYANG MAY MGA BATANG MAHILIG SA MGA HALIK AT YAKAP,
PERO MAY MGA BATANG AYAW ITO!
AT OKAY LANG ITO.
IBA'T IBA TAYO AT IMPORTANTENG RESPETUHIN ANG KAGUSTUHAN NG BAWAT ISA.


SADYANG MAHIRAP LANG MINSAN, LALO NA KUNG TALIWAS ITO SA MGA PANINIWALANG NAKAGAWIAN O MGA UTOS NG PAMILYA'T KAIBIGAN NATIN.


NGUNIT SA MGA ORAS NA MAISIP O MARAMDAMAN MO ITO...
TANDAAN MO NA ANG KATAWAN MO AY IYO.
WALANG PILITAN KUNG HINDI KA KUMPORTABLE, AT MAY KARAPATAN KANG TUMANGGI KUNG AYAW MO.


O, AYAN! NGAYON ALAM NIYO NA ANG SIKRETO KO, NA NGAYON POWER NIYO NA RIN!
HUWAG MATAKOT MAGSABI NG
HINDI! TIGIL! AYOKO!
SA MGA TAONG KILALA O HINDI KILALA MAN, MAGING SA MGA KA-EDAD MAN O SA MGA NAKATATANDA RIN!
INGAT!